# Ginagawa mo ba ang kalooban ng Diyos Yugto 2

"1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba. 2 At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios." (Roma 12:1-2)

Habang tayo'y nagtitiis sa paghahandog ng mga bahagi ng ating katawan sa Diyos bilang buhay na hain, habang tayo'y nagsusumikap na huwag gumaya sa huwaran ng sanglibutang ito, at handang mabago sa pagbabago na nasa ating isip ng lumang simulan at maling nga bagay at palitan ang mga ito ng Salita ng Diyos, mga alintuntunin at kautusan, sa gayon malalaman natin, masusubok at mapapagtibay kung ano ang napakagandang kalooban ng Diyos.

"3 Sapagka't sinasabi ko, sa pamamagitan ng biyaya na sa akin ay ibinigay, sa bawa't tao sa inyo, na huwag magisip sa kaniyang sarili ng totoong matayog kay sa nararapat niyang isipin; kundi magisip na may kahinahunan, ayon sa kasukatan ng pananampalataya na ibinahagi ng Dios sa bawa't isa." (Roma 12:3) Narito ang tawag para sa pagpapakumbaba. Ang bawat isa sa atin ay hindi dapat magisip sa kanyang sarili na mas malaki kaysa kanyang sukat. Nais ng Diyos sa atin na magpakumbaba upang makaya nating makisalamuha sa isa't isa bilang tayo ay katawan ni Cristo. Ang kababaang loob ay magaakay sa atin para maglingkod sa isa't isa sa katawan ni Cristo. "4 Sapagka't kung paanong sa isang katawan ay mayroong tayong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ay hindi pareho ang gawain: 5 Ay gayon din tayo, na marami, ay iisang katawan kay Cristo, at mga sangkap na samasama sa isa't isa." (Roma 12:4-5)

Kapag tayo'y nabago at sa pakikipagkasundo sa Diyos at sa isa't isa, at nalalaman na at handang mabuhay sa kalooban ng Diyos sa gayon ang Banal na Espiritu ay pupunuin tayo at ibaba sa atin ang espirituwal na mga kaloob upang ang lahat ng mga bahagi ng ating katawan ay gumalaw para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ito ang ipinangako ng Diyos, "33 Kundi ito ang tipan na aking ipakikipagtipan sa sangbahayan ni Israel pagkatapos ng mga araw na yaon, sabi ng Panginoon, Aking itatala ang aking kautusan sa kanilang kalooban, at aking isusulat sa kanilang puso; at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking bayan." (Jeremiah 31:33) Ipinangko ng Diyos na isusulat Niya ang Kanyang Salita sa panloob na bahagi ng ating katawan, utak, mata, tenga, bibig, dila, puso, braso, kamay, paa at tuhod. Gagawin yaon ng Diyos kapag tayo'y napuspos ng Banal na Espiritu, kapag tayo'y nabigyan ng mga kaloob ng Banal na Espiritu na ang bawat bahagi ng ating katawan ay gagalaw upang kamitin at gawin ang kalooban ng Diyos, at sa ganoong paraan ang bawat bahagi ng ating katawan ay malalaman ang bawat takdang aralin sa bagong buhay na inihanda ni Cristo para sa ating upang isabuhay.

"6 At yamang may mga kaloob na nagkakaibaiba ayon sa biyaya na ibinigay sa atin, kung hula, ay manganghula tayo ayon sa kasukatan ng ating pananampalataya; 7 O kung ministerio, ay gamitin natin ang ating sarili sa ating ministerio; o ang nagtuturo, ay sa kaniyang pagtuturo; 8 O ang umaaral, ay sa kaniyang pagaral: ang namimigay, ay magbigay na may magandang-loob; ang nagpupuno, ay magsikap; ang nahahabag ay magsaya." (Roma 12:6-8) Ang Espirituwal na mga kaloob ay ibinigay ng Banal na Espiritu ay para sa benepisyo ng lahat ng mga kasapi ng katawan ni Cristo. Ito'y kailangan mula sa atin upang payabungin sila, at handang gamitin sila para maglingkod sa Diyos.

Ang sumusunod ay maikling paglalarawan ng mga kaloob na ito.

1. Panghuhula: Pagpapahayag ng kalooban ng Diyos, at kung ano ang gagawin ng Diyos.
2. Ministerio: Paglilingkod sa iba at tulungan sila upang tugunan ang kanilang mga kailangan.
3.Pagtuturo: Upang tiyak na isalarawan sa mga tao ang Banal na Kasulatan at kung paano ito ilalapat sa kanilang buhay.

4. Paghihikayat: Upang hikayatin ang mga tao na magpatuloy na lumakad sa paraan ng pananampalataya at upang mapanatili yaon.
5. Pagbibigay: Upang mamahagi sa pangangailangan ng iba.
6. Pamumuno: Upang pangunahan ang iba at tulungan sila na maabot at makamit ang kalooban ng Diyos.
7. Pagpapakita mg habag: Upang pqglingkuran at tulungan ang mga nasa kaguluhan at nasa kagipitan.

Sa lahat ng mga kaloob na ito at paglilingkod, ang Banal na Espiritu ay sasaatin, at gagawin tayong tagapagbigqy ng serbisyo; ang Banal na Espiritu ay ilalagay sa ating puso ang tunay na pagibig ng Diyos na mangunguna sa atin upang kamitin at mabuhay at makisalmuha sa mga tao nasa paligid natin ng naayon sa kalooban ng Diyos.

Ngayon ating tatalakayin ang tunay na pagibig na nais na makita ng Diyos sa ating buhay. "9 Ang pagibig ay maging walang pagpapaimbabaw. Kapootan ninyo ang masama; makisanib kayo sa mabuti. 10 Sa pagibig sa mga kapatid ay mangagmahalan kayo; sa kapurihan ay ipagpauna ng isa't isa ang iba; 11 Huwag mga tamad sa pagsusumikap; maningas sa espiritu; mapaglingkod sa Panginoon; 12 Mangagalak sa pagasa; magmatiisin sa kapighatian; magmatiyagain sa pananalangin; 13 Mapagdamay sa mga kailangan ng mga banal; maging mapagpatuloy.14 Pagpalain ninyo ang mga sa inyo'y nagsisiusig; pagpalain ninyo, at huwag ninyong sumpain. 15 Makigalak kayo sa nangagagalak; makiiyak kayo sa nagsisiiyak. 16 Mangagkaisa kayo ng pagiisip. Huwag ninyong ilagak ang inyong pagiisip sa mga bagay na kapalaluan, kundi makiayon kayo sa mga bagay na may kapakumbabaan. Huwag kayong mga pantas sa inyong sariling mga haka. 17 Huwag kayong mangagbayad sa kanino man ng masama sa masama. Isipin ninyo ang mga bagay na kapuripuri sa harapan ng lahat ng mga tao. 18 Kung maaari, ayon sa inyong makakaya, ay magkaroon kayo ng kapayapaan sa lahat ng mga tao. 19 Huwag kayong mangaghigantihan, mga iniibig, kundi bigyan ninyong daan ang galit ng Dios: sapagka't nasusulat, Akin ang paghihiganti; ako ang gaganti, sabi ng Panginoon. 20 Kaya't kung ang iyong kaaway ay magutom, pakanin mo; kung siya'y mauhaw, painumin mo: sapagka't sa paggawa mo ng gayon ay mga baga ng apoy ang ibubunton mo sa kaniyang ulo. 21 Huwag kang padaig sa masama, kundi bagkus daigin mo ng mabuti ang masama." (Roma 12:9-21)

"9 Ang pagibig ay maging walang pagpapaimbabaw. Kapootan ninyo ang masama; makisanib kayo sa mabuti." (Roma 12: 9) Dapat ang pagibig ay tapat, dalisay ng walang pagkukunwari. Kailangam nating suriin ang ating motibo. Tayo'y tinawag at ipagpakagay na tagapagbigay ng serbisyo. Ang bawat isa sa atin ay dapat tanungin ang kanyang sarili kung para saan niya ginagawa ang mga bagay na ito? Ginagawa ba niya ito para sa Diyos? para ba ito sa benepisyo ng iba, o para sa pansariling benepisyo?

Dapat ang pagibig ay kamuhian ang masama at ingatan ang mabuti. "21 Subukin ninyo ang lahat ng mga bagay, ingatan ninyo ang mabuti; 22 Layuan ninyo ang bawa't anyo ng masama" (1 Tesalonica 5:21-22) *Ang ating pagibig patungo sa Diyos ay magiging dalisay kapag tayo'y nagdesisyong kamuhian ang gawain ng masama, linisin ang ating simbahan mula sa masama, at pagtiisang gawin kung ano ang mabuti. * Ang buhay na ating nararanasan kay Cristo bilang isang simbahan ay hahantong sa ating upang matulklasan ang maraming katotohanan sa Diyos at sa Kanyang kalooban. Bukod doon tayo'y tinuruan na manindigan at pagtiyagaan ang lahat ng katotohanang itinuro sa atin at natuklasan. Natuto tayong magpaalis at magtabi ng ilang bagay. Itinuro sa atin ng Banal na Kasulatan na kamuhian ang masama at gawin lamang ang mabuti. Itinuro sa atin ng Banal na Kasulatan na kamuhian hindi lamang ang mga bagay sa laman, kundi kamuhian kahit ang ating kasuotan na nadungisan ng laman ng ating kasamaan. " At ang iba'y inyong iligtas, na agawin ninyo sa apoy; at ang iba'y inyong kahabagan na may takot; na inyong kapootan pati ng damit na nadungisan ng laman." (Santiago 1:23) Ito ay totoong pagbig kapag tayo'y tumayo sa katotohanan, huwag makipagkompromiso, huwag magpakita ng pagtangi para sa isang tao, bagkus kamuhian ang masama, at ito ay pagibig.

* Tayo'y tinuruan upang gamitin ang ating pananalapi ng maingat upang iwasan ang utang, at ito ay pagibig, * Tayo'y tinuruan upang maging maingat kung paano manamit upang iwasang malantad ang bahagi ng ating mga katawan, at ito ay pagibig. * Tayo'y tinuruan upang maging maingat tungkol sa paraan ng pagkain, upang

gumastos ng matalino, pagluluto sa bahay at iwasang kumain sa restawrant at pagsasayang ng salapi, at ito ay pagibig. * Pinanghahawakan ang mabuti at iniiwasan ang bawat uri ng masama, at ito ay pagibig.

"10 Sa pagibig sa mga kapatid ay mangagmahalan kayo; sa kapurihan ay ipagpauna ng isa't isa ang iba;" (Roma 12:10) Muli dito ay kailangan nating suriin ang ating motibo. Ginagawa ba natin kung ano ang ating ginagawa para bigyang kasiyahan ang ating pagkamakasarili o para sa kabutihan ng iba? " 3 Na huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampikampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo, kundi sa kababaan ng pagiisip, na ipalagay ng bawa't isa ang iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili; 4 Huwag tingnan ng bawa't isa sa inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawa't isa naman ay sa iba't iba." (Filipos 2:3-4) * Kung wala tayo sa kalagitnaan ng kalooban ng Diyos, ang ating pagibig ay walang katapatan at makasarili. * Sa ilang panahon kailangan mawala ang ating pribelihiyo upang parangalan ang Diyos. * Maaring kailanganin iwaksi natin ang ating pribelihiyo upang magawa ito. * Wala tayong ginagawa dahil sa pagiging makasarili at walang kabuluhang kapalaluan kundi gawin ito sa Diyos para sa kapakanan ng iba. * Kailangan nating pahalagahan ang iba ng mabuti kaysa sa ating sarili at ating ipapakita natin iyon sa pamamagitan ng pagtutustos sa kanilang pangangailangan.

"11 Huwag mga tamad sa pagsusumikap; maningas sa espiritu; mapaglingkod sa Panginoon; " (Roma 12:11) Kailangan nating malampasana ang ating katamaran at maglingkod sa Diyos ng may pagsusumikap at kasigasigan. Kailangang isantabi natin ang ating katamaran at handang maging masigasig. Kailangan nating maging handa upang magtiyaga para maglingkod sa Diyos, at palalakasin Niya tayo, upang magawa natin ang lahat ng bagay na may kasiyahan at kahinahunan.

"12 Mangagalak sa pagasa; magmatiisin sa kapighatian; magmatiyagain sa pananalangin." (Roma 12:12) Sa ilang panahon, dinadala tayo sa ilang masasakit na pamamaraan dahil tayo ay baluktot at may mali tayong ginawa sa nakaraan. Halimbawa, Si Abraham ay nakagawa ng maling pagpili sa pakikinig sa kanyang asawa. Ito'y humantong sa maraming mga suliranin. Inalis ng Diyos si Agar at Ishmael sa kanyang buhay. Ito ay napakasakit na pamamaraan. Ngunit kailangan niyang pagdaanan ito. Kumilos ang Diyos sa pamamagitan ng nakapa sakit na pamamaraan lalo na kapag ito'y tungkol sa ating damdamin. * Inilagay natin ang ating sarili sa maling sirwasyon; sa gayon ngayon kailangan nating pagdaanan itong masasakit na pamamaraan. * Kailangan nating maging masaya ng may pagasa, panatilihin ang ngiti, pagtitiwala sa Diyos na Siya lamang ang magaalis sa atin dito. * Aakyatin ang mga bundok at dadaan ang mga pagsubok sa pamamagitan ng katapatan sa panalangin at paghihintay sa Diyos upang gumawa ng daan at alisin tayo dito.

"13 Mapagdamay sa mga kailangan ng mga banal; maging mapagpatuloy." (Roma 12:13) Sa pamamagitan ng lahat ng masasakit na pamamaraang ito, kailangan nating maging tagapagbigay ng serbisyo sa mga banal, sa kabila ng lahat ng pagdurusa tayo ay tinawag upang maging isang pagpapala sa ibang mga banal, na sumusunod kay Cristo kasama natin.

"14 Pagpalain ninyo ang mga sa inyo'y nagsisiusig; pagpalain ninyo, at huwag ninyong sumpain." (Roma 12:14) Ito'y hindi natin gawain na sumumpa o lumaban kundi kailangan nating manindigan at magsumikap. * Wala tayong panahon sa pagsumpa at paghihiganti. Kung gagawin natin yaon sa gayon mauubusan tayo ng panahon. * Tayo ay tinawag upang ipagtanggol ang ating mga sarili ngunit hindi para maghiganti. * Kailangan nating gawin kung ano ang hinihingi sa atin at hindi dapat nating gawin ang ibang mga bagay na hindi sinabi sa atin ng Diyos upang gawin.

"15 Makigalak kayo sa nangagagalak; makiiyak kayo sa nagsisiiyak." (Roma 2:15) Kailangan nating makigalak sa mga tao kapag silay nagantimpalaan at tulungan sila sa panahon ng mga kaguluhan at kapag sila'y nangangailangan.

"16 Mangagkaisa kayo ng pagiisip. Huwag ninyong ilagak ang inyong pagiisip sa mga bagay na kapalaluan, kundi makiayon kayo sa mga bagay na may kapakumbabaan. Huwag kayong mga pantas sa inyong sariling mga haka." (Roma 12:16) * Kailangan nating magkaroon iisang isip sa isa't isa, sapagka't sa iba't ibang kaisipan hindi tayo

magkakasundo, sa gayon kailangan nating magkaroon ng parehong isip ni Cristo. Halimbawa, si Lot at Abraham ay naghiwalay sapagkat sila'y walang parehong pagiisip. Pagiisip sa matataas na mga bagay ay huwag isipin ang makamundong mga bagay at saloobin laban kay Cristo. Ang ating pagiisip ay dapat ay maging malinaw at alinsunod sa salita ng Diyos at utos. * Minsan ang mga tao ay dumadating ng may sariling mga plano at naglalaman ng matataas na mga bagay dahil sa pagmamataas at pagyayabang. Ang pagmamataas ay nakakabulag sa ating mga mata. KAYA NAMAN SINASALIKSIK NATIN ANG BANAL NA KASULATAN UPANG ABUTIN T ANG DIREKSYON NG DIYOS.

Yaong hindi nagkikipagkaisa sa Salita ng Diyos, tiyak na ililigaw tayo; sa gayon kailangan nating iwasan sila. Ang ating hindi pagbabago sa Salita ng Diyos at sa mga batas ay magpoprotekta sa atin at aalisint twyo sa kapahamakan at makamundong mga tao.

"17 Huwag kayong mangagbayad sa kanino man ng masama sa masama. Isipin ninyo ang mga bagay na kapuripuri sa harapan ng lahat ng mga tao." (Roma 12:17) Huwag kayong mangagbayad sa kaninoman ng masama sa masam, ibig sabihin na huwag dapat tayong magsayang sa paghihiganti, ngunit kailangan nating gamitin ang ating panahon sa paggawa ng kalooban ng Diyos.

Isipin ninyo ang mga bagay na kapuri puri sa harapan ng lahat ng mga tao. Ang simulain na ating natutunan mula sa Salita ng Diyos ay kailangan nating isabuhay at kailangan nating isalapat. Kailangan nating ipaliwanag sa kanila at paliwigin ang mga ito sa iba upang kanilang malaman ang ating kinatatayuan.

"18 Kung maaari, ayon sa inyong makakaya, ay magkaroon kayo ng kapayapaan sa lahat ng mga tao." (Roma 12:18) Masakit na mamuhay nang may pagkakaisa at kapayapaan, kailangan nating gawin ito nang may pamamaraan. Sinabi ni Apostol Pablo, "21 Sapagka't iniisip namin ang mga bagay na kapuripuri, hindi lamang sa paningin ng Panginoon, kundi naman sa paningin ng mga tao." (2 Corinto 8:21) Nahihirapan tayong gawin ang kalooban ng Diyos. Ginagawa natin ng tapat ang mga bagay hindi lamang sa paningin ng Diyos ngunit ganon din sa mga tao. Kinukuha at ginagawa natin ang kinakailangan at iniiwan ang lahat ng iba pa.

"19 Huwag kayong mangaghigantihan, mga iniibig, kundi bigyan ninyong daan ang galit ng Dios: sapagka't nasusulat, Akin ang paghihiganti; ako ang gaganti, sabi ng Panginoon. 20 Kaya't kung ang iyong kaaway ay magutom, pakanin mo; kung siya'y mauhaw, painumin mo: sapagka't sa paggawa mo ng gayon ay mga baga ng apoy ang ibubunton mo sa kaniyang ulo." (Roma 12:19-20) Huwag maghiganti. Parurusahan ng Diyos ang masama, at kailangan nating pagingatan ang ibang pang mga bagay. Ang kaaway, ang mga taong namumuhi sa Diyos at naguusig sa atin, ay hindi dapat paghigantihan bagkus dapat ibigay ang ebanghelyo. Kaya't kung ang iyong kaaway ay magutom, pakanin mo; kung siya'y mauhaw, painumin mo: Tayo'y naglalaan sa pagabot sa bagong mga tao, panahon, pananalapi, pagsisikap, salapi, at maaring natin silang pakainin at bigyan sila ng isang bagay na maiinom. Ang mga tao sa unang panahon ay ginamit upang ipamahagi ang apoy sa panahon ng taglamig. Walang puspuro. Ngunit sila'y nagdadala ng uling sa kanilang mga bahay upang sindihan ang apoy, sa isang lalagyan kanilang dinadala sa kanilang ulo. Sa parehong paraan, sa pagbibigay ng ebanghelyo sa mga namumuhi sa Diyos at sa atin, tayo'y nagbibigay sa kanila ng may pagsisimula para sa isang mabuti at walang hanggang buhay.

"21 Huwag kang padaig sa masama, kundi bagkus daigin mo ng mabuti ang masama." (Roma 12:21) Ating pagtagumpayan ang masama ng mabuti sa paggawa sa paglilingkod sa Diyos. Ang diablo ay susubukan ang lahat upang tuksuhin tayo at ilipat tayo palayo sa paggawa ng mga bagay ng Diyos, ngunit ang Banal na Espiritu ay ang ating gabay, ang apoy na nasa atin, upang magtulak sa atin sumulong sa ating paglilingkod at ministerio sa Diyos.

Sa aking mahal at minamahal: Ating ingatan ang Salita ng Diyos at makapanahong utos na ating tinanggap sa mensaheng ito
Ating pagsumikapan na ilapat ang lahat ng mga makaDiyos na simulaing ito na natutunan natin sa ating buhay at sa ating ministerio. Maging handa na tayong mabago sa pagbabago ng ating isip sa Salita ng Diyos. Maging handa

tayong magpakumbaba at tingnan ang tunay nating sukat sa harapan ng Diyos at maging handa na sumabay sa Kanyang kalooban. Maging handa na gamitin ang lahat ng mga espirituwal na kaloob ng Banal na Espiritu para sa kaluwalhatian ng Diyos at maglingkod sa mga kasapi ng katawan ni Cristo. Tayo'y magpakumbaba at nasa pakikipakaisa sa isa't isa. Mapuspos tayo ng dalisay na pagibig at maging handa na maging tagapagbigay ng serbisyo sa iba. Ating iwasan ang lahat ng uri ng masama. Tayo'y maging tapat sa pananalangin. Tayo'y magkaroon ng kasigasigan sa paglilingkod sa Panginoon. Ating pagsumikapan na gawin ang Kanyang kalooban at tayo'y maging matatag sa ating pananampalataya sa pagkakaroon ng ganap na tiwala sa Kanyang Salita na aalayan Niya tayo sa panahon ng mga kaguluhan. Ating patawarin ang ating mga kaaway. Huwag tayong maghiganti sa mga nanakit sa atin. Ating mahalin ang ating mga kaaway at maging handa na daigin natin ang masama ng mabuti. Tayo'y buong magtiwala sa Diyos sa pagtitiis habang ginagawa ang Kanyang kalooban, at gaya ng sinabi ni Pablo, "12 Dahil dito'y nagtiis din ako ng mga bagay na ito: gayon ma'y hindi ako nahihiya; sapagka't nakikilala ko yaong aking sinampalatayanan, at lubos akong naniniwalang siya'y makapagiingat ng aking ipinagkatiwala sa kaniya hanggang sa araw na yaon." (2 Timoteo 1:12)

Tayo ay tumayo. Lumapit ngayon sa Diyos sa pagsisisi, at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan at mga pagkukulang.

Talikuran ang iyong masamang mga paraan at isuko ang iyong buhay at ang iyong puso at kahit ang lahat ng iyong mga plano sa Diyos. Magtiyaga sa masasakit na pagsubok na iyong pinagdaraanan. Nililinis ka ng Diyos mula sa iyong nakaraang mga kasalanan at maling ginawa, at gumagawa ng isang bagong bagay sa iyong buhay. Ginagawa ng Diyos mula sayo ang isang tunay na lalaki ng Diyos, isang tunay na babae ng Diyos, na gagawin ang lahat ng Kanyang ninanais sayo upang gawin at makamit ang pinaka layunin ng Diyos at ang Kanyang mabuting kaaya-aya at perpektong kalooban.

Tayo ay manalangin.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa ating mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon ako'y nagpapasalamat sa iyong salita na nagtuturo sa akin ng higit pa sa iyong mga paraan. Panginoon salamat sa paglalagay mo sa akin sa iyong simbahan at isinasaalang ako bilang iyong anak. Panginoon salamat sa iyong mabuting plano na mayroon ka para sa akin. Panginoon handa akong sumunod sa simulain na aking natutunan mula sa mensaheng ito. Aking ipinangako ang aking buhay upang maglingkod sayo, upang gamitin at buuin ang espirituwal na mga kaloob na ibinigay mo sa akin para sa benepisyo ng ibang mga kasapi sa katawan ni Cristo. Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na maging tapat at matapat hanggang sa dulo; maglilingkod sayo malayo sa paghihiganti ngunit lumalaban sa pagdaig sa masama ng mabuti. Panginoon turuan mo ako habang ako'y patuloy sa paglilingkod sayo. Panginoon, gawin mong tagapagbigqy ako ng serbisyo at pagpapala sa iba, tulungan mo ako ng mabuting kalusugan at kalakasan at ibigay ang aking pangangailangan.

Panginoon ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na kasalanan

Panginoon ako'y nagsisisi mula sa paggawa ng sarili kong kalooban.

Panginoon aking isinusuko ang aking buhay sa iyong kamay. Panginoon hayaan manaig ang iyong kalooban sa aking buhay.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagalak na makilala ka at gawin ang iyong kalooban. Panginoon buksan ang kanilang mga mata at maliwanagan ang kanilang isipan sa katotohanan at hayaan nilang makita ang kayamanan ng mana na iyong inihanda para sa amin sa Langit. Panginoon tulungan silang makita ang Banal na Espiritu sa kanilang buhay na makita ng mga tao si Jesus sa kanila. Panginoon alalayan mo sila, protektahan sila at patuloy na ibigay ang para kanila upang sila'y magpatuloy na maglingkod sayo at mabuhay ng naayon sa iyong kalooban.

Panginoon pagpalain ang aming simbahan at gawin mo itong lumago. Panginoon ako'y nanalangin para sa higit pang pageebanghelyo at maraming taong maabot para kay Cristo. Panginoon ako'y nanalangin para sa higit pang grupo ng pagaaral ng Bibliya at mga kapisanan na maitanim. Panginoon sa mga sumusunod pahiran sila ng iyong Banal na Espiritu at gamitin sila upang abutin ang nawawala at dalhin ang bunga na iyong ninanais na makita sa buhay ng iyong simbahan. Panginoon tulungan kami at protektahan kami habang kami'y nagsisikap sa paglilingkod sayo. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com